IHINTO
MAGBAHAGI. MAGTURO. ABUTIN. PROTEKTAHAN.
MENINGITIS

Minamahal na Magulang:

Sumusulat ako upang ipaalam sa inyo ang tungkol sa isang mahalagang bakuna na makakatulong maproteksyunan ang inyong nagbibinata't nagdadalagang anak mula sa sakit na meningococcal, isang bihira, ngunit mapanganib na impeksyong bacterial na nagdudulot ng meningitis at pagkalason ng dugo. Tinatawag itong bakunang meningococcal conjugate at ang tanggapang ito at ang Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) ay inirerekomenda ang bakunang ito para sa lahat ng mga nagbibina't nagdadalagang bata mula edad 11 hanggang 18 taong gulang, na mas mainam sa kanilang 11-12 taong-gulang na pagpapatingin.

Ang bilang ng mga kaso ng sakit na meningococcal ay nagbabago taun-taon. Mula 1998 hanggang 2007, itinatayang 1,500 na mga Amerikano ang naiimpeksyon bawat taon at mga isa sa siyam ang namamatay. Ang mga nagbibinata't nagdadalagang bata at mga batang adult ay partikular na madaling mahawa sa impeksyong ito. Sa katotohanan, halos 15 porsiyento ng lahat ng mga kaso ng sakit na meningococcal ay naganap sa mga nagbibinata't nagdadalagang bata at mga batang adult at tinatayang isa sa pito sa kanila ang namamatay.

Ang ilang mga salik ng pamumuhay ang naglalagay sa panganib na magkaroon ng sakit na ito ang mga nagbibinata't nagdadalagang bata at mga batang adult. Kasama rito ang pagiging bahagi ng pangkatang pamumuhay (mga sleep-away na kampo, mga dormitoryo), di regular na oras ng pagtulog at malapitang ugnayan sa mga taong may impeksyon (na maaaring sila mismo ay hindi kakitaan ng mga sintomas ng sakit).

Ang maaagang mga sintomas ng sakit ay maaaring magkaroon ng maagang maling pagtingin (diagnosis) bilang viral na sakit, gaya ng trangkaso, subalit kapag nagsimula na ito, ang sakit na meningococcal ay maaaring mabilis na lumala at ikamatay sa loob ng 48 oras. Hanggang isa sa limang makakaligtas ay magdurusa mula sa permanenteng mga kapansanan, gaya ng pinsala sa utak, kawalan ng pandinig, mga pag-atake o pagkaputol ng mga braso o binti.

Upang mas may matutunan tungkol sa pag-iwas sa sakit na meningococcal, mangyaring.

National Foundation for Infectious Diseases®
www.nfid.org

Isang inisyatiba ng pampublikong edukasyong handog sa iyo ng Pambansang Saligan para sa Nakakahawang mga Sakit (National Foundation for Infectious Diseases) sa pakikipagtulungan sa mga nangungunang organisasyon para sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga layon ng programang ito ay suportado ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention). Para sa dagdag pang impormasyon at isang listahan ng mga sumusuportang organisasyon at karagdagang mga materyales na dulugan, mangyaring bisitahin ang, http://stopmeningitis.nfidinitiatives.org.

Naging posible ang programang ito sa pamamagitan nang walang ipinagbabawal na gawad pang-edukasyon na Pambansang Saligan para sa Nakakahawang mga Sakit (National Foundation for Infectious Diseases) mula sa sanofi pasteur.

7/2010